REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Direct Line: 687-2922 / 687-4177
E-Mail: osec@deped.gov.ph
Website: http://www.deped.gov.ph

SEP 0 4 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 318, s. 2003

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng Paaralan
Punong Guro ng Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan Sa Wika (PSW), Ink. ay magdaraos ng Pambansang Kumperensiya sa Disyembre 3-5, 2003 sa Pulungang C.M. Recto, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman, Lungsod ng Quezon. Ang tema ng kumperensya ay ***"Ang mga Hamon, Isyu at Pagbabago sa Kurikulum at Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya, Sekondarya at Tersarya".***

2. Ang mga layunin ng kumperensiyang ito ay ang mga sumusunod:

a. Mapagsama-sama ang mga tagamasid, mga puno ng kagawaran, iskolar at mga guro ng wika at disiplinang Filipino para makapagpalitan ng mga ideya, kaalaman at karanasan tungkol sa mga pangkasalukuyang hamon, isyu at pagbabago sa kurikulum at pagtuturo;
b. Makapag-ambag sa lalo pang pagpapabuti ng mga kursong Filipino sa elementarya, sekundarya at tersarya; at
k. Makapagmungkahi ng mga pagbabagong istruktural at pangnilalaman sa paglinang ng disiplinang Filipino bilang akademik na larangan.

3. Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan sa Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad ay inaanyayahang dumalo. Maari ring dumalo ang kaguruan buhat sa iba't ibang dekpartamento o disiplina, at mga tagapangasiwa ng mga sangay sa Filipino ng Kagawaran ng Edukasyon at iba pang institusyong pang edukasyon. Ang mga guro mula sa pampublikong paaralan ay maaring dumalo **sa opisyal na oras lamang.**

4. Ang rehistrasyon ay Tatlong Libong Piso (PhP3,000.00) na ibabayad ng bawat kinatawan na ilalaan para sa pagkain, hand-outs at conference kit.

5. Ipadala ang inyong resebasyon bago dumating ang Nobyembre 3, 2003 kay Dr. Lilia F. Antonio, Pangulo, PSW, Faculty Center 3171, Kolehiyo ng Arte at Literatura, U.P. Diliman, Lungsod ng Quezon.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
CONFERENCE
TEACHERS
SOCIETY OR ASSOCIATIONS

Rudy/mppd/psw komp